

# **The Passion of our Lord Jesus Christ**

## **Mk. 15:1-39**

Muli magandang hapon po sa inyong lahat mga kapatid, mukhang merong konting kalituhan itong ang ating ginagawang pagdiriwang sa araw na ito. This is the Palm Sunday of the Lord's Passion o kahit yung pamagat lamang ng ating pagdiriwang ay mayroong mga parang dalawang elemento na hindi magkaparehas, parang magkasalungat noh, the Palm Sunday which is usually we celebrate with great devotion, with great Joy, and with the shouts of hosanna welcoming the Lord into the city of Jerusalem that the commemoration of the entry of Jesus to Jerusalem.

A happy entrance to Jerusalem, a happy procession that is why people bringing different branches of palms or any branches or leaves of any green tree or green leaves so that they would lay and placed on the path of which Jesus would trod or he was mounted on a donkey, nakasakay sa isang asno at bawat madaanan niya ay doon nilalatag nila ang kanilang mga balabal, ang mga palaspas upang magbigay pugay, pagpapahayag ng kanilang kasiyahan sa pagdating at pagpasok ng hari sa banal siyudad o banal na lugar ng Jerusalem. And it was full of Joy and celebration and shouting and praising of God, that is Palm Sunday commemoration the great and solemn entrance of Jesus to Jerusalem and yet on this very day also we connect that with the Passion of the Lord, so also after the great jubilation and great celebration we connect that with the Passion of the Lord Jesus. That is why the gospel reading that we read after we have blessed all your palms, pagkatapos nating iwagayway at tanggapin ang paggugunita na ito ay dito naman tayo.

Matagal tayong nakatayo, nakikiisa tayo sa pagsasakripisyo at pinakinggan natin ang pasyon o ang kuwento ng pasyon ng ating Panginoon kung paano siya dinakip, paano siya pinahirapan, paano siya namatay hanggang siya ay namatay sa krus. Sabi ko nga parang ano ba talaga ang focus ng ating celebration sa araw na ito, doon ba sa masaya o doon sa malungkot. But then we are all reminded of this day that this is really what life is all about. Ito naman talaga ang buhay natin, ang buhay natin ay hindi naman laging malungkot. Hindi naman mula pinanganak tayo hanggang tayo'y mamatay ay malungkot lang. Problema na natin yung kapagka hindi man lang tayo kahit isang beses naging masaya sa buhay natin. Pero hindi rin pwedeng sa bawat araw at sa bawat oras ng buhay natin ay masaya lang tayo. O kaya nga ang buhay, when you see a heartbeat by this always up and down at kapagka nagflat line na yung ating heartbeat eh wala na, walang buhay.

Kaya what gives life, life is this up and down movements, the rhythm, the bio rhythm that we have the kind of life that we live. It is a series of ups and downs, a series of good fortune and sometimes misfortunes, and it is not confusing, in fact yan naman talaga ang buhay natin sanay na tayo doon na masaya tayo ngayon after some days pwedeng yung kasiyahan natin ay mawawala at mapapalitan ng kalungkutan. Subalit hindi tayo nananatili sa kalungkutan gumagawa tayo ng paraan upang maibalik natin ang ating buhay, upang pasayahin neto ulit.

This commemoration of the Palm Sunday of the Lord's passion actually spells life. So ibig sabihin ang buhay natin at the same time, ang puso, ang buhay ay hindi tumitigil tuloy-tuloy lang yun kaya pag tinignan nyo ang inyong ECG tuloy tuloy lang yan nandon ang ating heart beat tuloy tuloy hindi tumitigil sa isang punto or it continues it moves on that is why we are celebrating today and commemorating procession. The dynamic entrance, the movement of Jesus, in fact a pilgrimage, a journey. So that is what is reminded of us today, that this life is a

journey, tuloy tuloy lang tayo, mahirap man o masaya ang buhay natin, tuloy lang ang buhay at alam natin sa bawat lungkot ay mayroong kapalit na ligaya at saya at meron ding lungkot na susunod ulit, and we know that and no matter what happens no matter how big the troubles, the trials we undergo in life we know in our hearts we will win, we will survive it. And we have just realized that have we learned that and experienced that ourselves.

Mahigit na isang taon na tayong nakakaranas netong pandemyang ito, naka-lock down na naman tayo ulit like the last year and yet salamat sa Diyos andito pa rin tayo, most of us, not all of us of course survived it, but most of us 97, 98%, 99% of us are here to stay to tell our story and survived on what happened. At sa gitna ng pandemyang ito ay hindi lamang ito ang ating dinanas na mga paghihirap o mga pagsubok marami, emosyon ang ating mental conditions, physical conditions and even our natural conditions maraming kalamidad na pumasok sa gitna ng pandemyang ito sa kabila ng lahat andito tayo. At laman natin sa mga sarili natin sanay na tayo ganun kasi ang buhay, it is a series of ups and downs hindi tayo mananatili sa baba, bagkus sinisikap natin na paangatin ang lahat ng aspeto ng buhay natin.

And this is what the meaning of our celebration today, because today marks the beginning of the holiest week of the year. Ito na yung tinatawag nating linggo na banal the Holy Week starting today until Saturday before the Resurrection we called the Holy Week. So this is the only Holy Week we have during the year at sinasabi natin ito ay banal ng mga araw at banal na buong Linggo sapagkat dito ay nakatuon ang ating atensyon doon sa pagninilay dun sa paghihirap at kamatayan ng aking Panginoon at sa pagninilay natin hindi tayo nakatuon doon sa paghihirap at kamatayan doon tayo tinutoon ng Diyos na ang ating atensyon doon sa dahilan kung bakit siya naghirap at namatay. At ang dahilan ng lahat ng ito ay pag-ibig, pagmamahal ng Diyos, puso ng Diyos, because God's heartbeat for us is about love over and over again. Nung si Cristo ay nasa atin pa at bago siya dinakip, ano ang kanyang mga turo, anong ang kanyang mga pangaral? lisa lang tungkol sa kaharian ng Diyos, tungkol sa pag-ibig, magmahalan kayo, mahalin ninyo ang Diyos ng buong ninyong pagkatao, mahalin ang inyong kapwa, magmahalan kayo katulad ng pagmamahal ko sa inyo. Ito ang kanyang pinakahuling utos nung huling hapunan, magmahalan kayo hindi lamang ang utos ang ginawa ng Diyos kundi ipinakita niya kung paano gawin ang pagmamahal na ito katulad ng pagmamahal ko sa inyo. It was not a commandment that Jesus is giving us to love in fact he was us showing us an example of how to love and how to die on the cross to suffer for the ones I loved.

Love always entails sacrifice meron laging pagsasakripisyo at ang sakripisyo ay ito ay yung paghahandog natin ang pag-aalay ng paghihirap natin para sa mga taong mahal natin. Alam natin toh, you know what sacrifice is, mga magulang lalong-lalo ng mga nanay ang ibig sabihin ng sakripisyo ay kapagka isusubo mo na lang yung pagkain at hiningi ng yung anak kahit gutom ka dahil mahal mo ang iyong anak isusubo mo sa kanya ibibigay mo sa kanya hindi na lang ako kakain kahit gusto ko rin yung pagkain na iyon. That is sacrifice, why? because this person I am giving my food to is also as important as myself, because I love this person mahalaga at mahal ko ang taong ito kaya ang sakripisyo ay ginagawa lamang natin sa mga taong mahal natin hindi na nagsasakripisyo sa kaaway. Hindi tayo nagsasakripisyo para sa kalaban. Naghihiganti tayo pero sa mga mahal natin doon tayo nagsasakripisyo. Kaya nga tawag sa linggong ito ang pagsasakripisyo ng Panginoon sapagkat mahal niya tayo at paalala niya sa ating lahat to keep this week, day by day Holy. But we just don't make the days at the whole week holy, that all order, that important order for all of us, make your lives holy.